# PAGPAPATIBAY NG INKLUSIBONG EDUKASYON GAMIT ANG WIKANG FILIPINO: PAGSUSURI AT PANANAW

*by:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher III, St. Francis National High School*

Ang edukasyon ang pangunahing susi sa pag-unlad at tagumpay ng isang bansa. Ngunit, ang tunay na pagsulong ay hindi maaaring makamtan kung may mga sektor ng lipunan na naiiwan. Sa harap ng hamon ng pangangailangan ng inklusibong edukasyon, nagiging makabuluhan ang pagtutok sa pagsasalaysay ng mga hakbang upang patibayin ito gamit ang sarili at makulay na wika ng Pilipino.

Ang unang hakbang sa pagpapatibay ng inklusibong edukasyon ay ang pagpapatibay sa kamalayan ng mga guro hinggil sa iba't ibang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga pagsasanay at seminar, maaaring mabigyan ang mga guro ng mga kasanayan at estratehiya upang masungkit ang pagtutok sa lahat ng mag-aaral. Ang pangunahing wika, ang Wikang Filipino, ay nagiging bahagi ng proseso ng pag-unawa sa mga kaibahan at pangangailangan ng bawat mag-aaral. Gayundin, ng wikang Filipino ay isang mahalagang kasangkapan para sa komunikasyon sa loob ng paaralan. Sa pamamagitan nito, mas nagiging bukas ang daloy ng impormasyon at komunikasyon sa pagitan ng guro, mag-aaral, at iba pang bahagi ng akademikong komunidad

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa pang mahalagang aspekto ng pagsulong ng inklusibong edukasyon ay ang paggamit ng materyal na tumutugod sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral. Sa pagtataguyod ng iba't ibang wikang panturo, lalong napatitibay ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang wika at kultura. Ang teknolohiya ay maaaring maging kasangkapan din sa paglikha at paggamit ng mga materyal na sumasalamin sa pagiging bukas at pagkakaroon ng pag-unawa sa pagkakaiba-iba. Ang paggamit ng wikang

Filipino sa pagturo at pagbuo ng mga materyales ay nagbibigay daan para sa mas mabilis at mas mabisang pamamahagi ng kaalaman. Ito ay nagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad para sa lahat na magtagumpay sa kanilang pag-aaral.

Ang pagsasaalang-alang sa kultura ng mga mag-aaral ay isang pangunahing hakbang para sa isang inklusibong edukasyon. Sa pamamagitan ng pagtutok sa kahalagahan ng kultura at tradisyon ng bawat isa, ang paaralan ay nagiging espasyo ng pag-unlad at hindi lamang ng pagtuturo. Ang pag-aaral ng mga mag-aaral na may kinalaman sa kanilang sariling kultura ay nagbibigay inspirasyon at nagpapalakas ng kanilang pagkakakilanlan. Ang pagtuturo sa wikang Filipino ay nagbibigay daan upang maisama ang mga aspekto ng kultura ng mga mag-aaral sa kanilang edukasyon. Ito ay nagtataglay ng mga kaugalian, tradisyon, at halaga na nagbibigay-kulay sa kanilang personalidad.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa ring kritikal na bahagi ng inklusibong edukasyon ang pagsasaalang-alang sa mga mag-aaral na may kapansanan. Sa pag-aaral na isinagawa nina Lartec et al. (2014), lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng mga guro ng inklusibong wika sa Filipino ay kalimitang ukol sa mga katawagan sa kapansanang pisikal at mental na nagbubunga ng higit na pagtamo ng pakiramdam ng pagtanggap at pagkakasangkot sa pagtuturo-pagkatuto. Halimbawa, imbis na gamitin ang terminong “pipi”, ay inklusibo ang paggamit ng terminong “may kapansanan sa pagsasalita”, “may kakulangan o kahinaan sa pag-unawa” kaysa sa “tanga” o “inutil”, “kapansanan sa paglalakad” kaysa “lumpo” o “pilay”, at marami pang iba. Ang pag-aalok ng espesyal na suporta, kagamitan, at teknolohiya ay nagbubukas ng pintuan para sa kanila tungo sa mas malawak na pagkatuto. Ang pagkilala sa kanilang mga kakayahan at pagbibigay ng pantay na oportunidad ay nagpapalakas sa kanilang damdamin sa pagiging bahagi ng lipunan. Sa paggamit ng wikang Filipino, ang edukasyon ay maaaring maging mas accessible para sa lahat. Ito ay nagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa edukasyon para sa lahat ng sektor ng lipunan, kabilang na ang mga may kapansanan.

Sa huli, hindi sapat ang pagtutok sa loob ng silid-aralan. Ang inklusibong edukasyon ay nag-uugat din sa pakikipagtulungan sa mga magulang at komunidad. Ang aktibong partisipasyon ng mga ito sa edukasyon ng kanilang mga anak ay nagbubukas ng mas maraming posibilidad para sa matagumpay na inklusibong edukasyon.

Sa pagpapatibay ng inklusibong edukasyon gamit ang Wikang Filipino, hindi lamang natin binibigyan ng kahulugan ang ating pambansang wika kundi binibigyan din natin ito ng makabuluhang papel sa pag-angat ng antas ng edukasyon sa bansa. Ang Wikang Filipino ay nagiging kasangkapan para sa mas malalim na pang-unawa, pagtanggap, at pagkakaisa sa pagtataguyod ng isang inklusibong lipunan.

*References:*

Lartec, J. K., Dotimas, S. D., Maraño, C. R., Pitas, M. P., Polido, J. L. & Senio, K. L. (2014). Ang
Paggamit ng Inklusibong Wika sa Filipino tungo sa Pagtamo ng Inklusibong
Edukasyon.
HASAAN, 1(1).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan